

Mga Paunawa ng Pribadong Koleksyon

Ang personal na impormasyon ay kinabibilangan ng mga bagay tulad ng iyong pangalan, mga detalye sa pakikipag-ugnayan, mga pangangailangan sa kalusugan, at kung sino ang sumusuporta sa iyo. Kinokolekta ng departamento ang impormasyong ito sa pamamagitan ng telepono, online, email o nang harapan. Ginagamit ito upang sagutin ang mga tanong, iparehistro ka, i-check kung ikaw ay marapat sa mga serbisyo, at tulungan kang kunin ang pangangailagang kailangan mo.

Maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa ibang ahensiya ng gobyerno at mga tagapagbigay-serbisyo sa pangangalaga. Maaari mong hilingin na makita o maitama ang iyong impormasyon, at maaari kang magreklamo kung kailangan. Ang pagkolekta ng impormasyon ay awtorisado sa ilalim ng *Aged Care Act 2024 [Batas sa Pangangalaga sa Matatanda 2024]*.

Pagtatanong tungkol sa mga serbisyong pangangalaga sa matatanda

Inilalarawan ng paunawang ito sa privacy kung paano kinokolekta at pinamamahalaan ng Department of Health, Disability and Ageing [Ang Kagawaran ng Kalusugan, Kapansanan at Pagtanda] (Kagawaran) ang personal na impormasyon kapag ikaw ay nagtatanong o humihingi ng impormasyon tungkol sa sistemang pangangalaga sa matatanda sa pamamagitan ng My Aged Care.

Bakit kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon

Kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon para tugunan ka kung naghahanap ka ng impormasyon tungkol sa aged care system sa pamamagitan ng:

- pagkontak sa amin via sentrong kontak ng My Aged Care sa pamamagitan ng telepono o email, o
- pagpunta sa isang [sentrong serbisyo ng Services Australia](#).

Kung kokontakin mo kami sa pamamagitan ng telepono, aming ire-record ang tawag para sa pagsasanay at kalidad ng serbisyo, maliban kung hihilingin mong hindi gawin ito. Sa pagre-record sa tawag, kung ito'y aming gagawin, kokolektahin namin ang personal ng impormasyong ibibigay mo sa tawag.

Kung wala ang iyong personal na impormasyon, ang maibibigay lang namin ay pangkalahatang impormasyon at hindi namin maisasa-alang-alang ang iyong mga persona na kalagayan o tumugon sa iyo sa hinaharap.

Impormasyong kokolektahin namin

Ang personal na impormasyong aking kokolektahin ay magdedepende sa iyong mga tanong at kung ikaw ay rehistrado sa My Aged Care. Halimbawa:

- Kung ikaw ay nakarehistro, maaari naming kolektahin ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, email address, Aged Care ID o Medicare number para hanapin ang iyong client record at matulungan ka.
- Kung kailangang kontakin ka naming muli, kukunin namin ang iyong pangalan, mga detalye sa pagkontak at impormasyong ibinigay mo tungkol sa iyong pagtatanong, nang matugunan ka namin.
- Maaari din kaming mangalap ng ibang personal na impormasyon, kabilang ang sensitibong impormasyon tungkol sa iyong kalusugan at kalagayan, upang mahanap ang pinakamahusay na paraan ng pagtulong sa iyo.

Hindi mo kailangang ipakilala ang sarili mo kung nakikipag-ugnayan sa My Aged Care. Gayunpaman, kung hindi ka magpapakilala, pangkalahatang impormasyon lang ang maibibigay namin. Hindi ka makapag-aapply para sa mga aged care service nang hindi pinapakilala ang sarili mo.

Ang departamento ay awtorisadong kumolekta ng impormasyon mo sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Paano namin kinokolekta itong personal na impormasyon

Maaari naming kolektahin ang iyong personal na impormasyon mula sa ibang tao, kung may pahintulot mo. Halimbawa, maaaring mangyari ito kung ang iyong miyembro ng pamilya o kaibigan ay tumatawag para alamin ang iyong pagiging karapat-dapat sa aged care.

Paano namin ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon

Maaari naming ibunyag ang iyong personal na impormasyon sa isang external survey provider upang hingin ang iyong feedback sa aming serbisyo. Gagawin lang namin ito kung may pahintulot mo.

Hindi namin palagiang ibinabahagi ang nakolekta naming personal na impormasyon mula sa pagtatanong sa ibang tao, pero maaari naming gawin ito nang may pahintulot mo o kung alinsunod sa *Aged Care Act 2024*.

Pagbabahagi ng impormasyon sa ibayong dagat

Sa pangkalahatan, hindi kami magbabahagi ng iyong personal na impormasyon sa mga taga-ibayong dagat.

Paano mo maa-access o maitatama ang iyong impormasyon

Kung kailangan mong i-access o i-tama ang iyong impormasyon, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng:

- pag-log in sa iyong My Aged Care online account
- pagtawag sa My Aged Care sa 1800 200 422
- pagbisita sa [sentrong serbisyo ng Services Australia](#) at pakikipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer [Espesyalistang Opisyal sa Pangangalaga sa Matatanda].

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa access sa personal na impormasyon at kung paano makagagawa ng isang pribadong reklamo, tingnan ang [patakaran sa pagkapribado ng My Aged Care](#).

Rehistrasyon para sa isang My Aged Care client record: kliyente

Inilalarawan ng paunawang ito sa privacy kung paano kinokolekta at pinamamahalaan ng Department of Health, Disability and Ageing (Kagawaran) ang iyong personal na impormasyon kapag ikaw ay nakarehistro sa My Aged Care upang makatanggap ng mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda.

Bakit kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon

Ang pagpaparehistro para sa isang personal na rekord sa My Aged Care ay nagbibigay daan sa iyong mag-apply sa, at tumanggap ng mga iniyang impormasyon tungkol sa, mga aged care service.

Kailangan naming kolektahin ang iyong personal na impormasyon upang lumikha ng iyong personal na rekord at magtalaga ng iyong personalisadong Aged Care ID number.

Kapag narehistro na, maaari naming gamitin ang impormasyon sa iyong rekord para ma-access ang anumang aplikasyong gagawin mo para sa mga aged care service at, kung ikaw ay karapat-dapat, para suportahan ang pagtanggap ng mga aged care service.

Maaari kang magparehistro sa My Aged Care sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa contact centre ng My Aged Care
- pagkikipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer sa isang [sentrong serbisyo ng Services Australia](#)
- pagsusumite ng online na aplikasyon para sa pagtatasa ng pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda.

Kung wala ang iyong personal na impormasyon, hindi ka namin maipaparehistro sa My Aged Care, at pangkalahatang impormasyon lang tungkol sa aged care ang maibibigay namin sa iyo. Hindi ka namin magagawang tasahin o aprubahan upang makatanggap ng mga pinopondohang serbisyo ng pangangalaga sa matatanda.

Impormasyong kokolektahin namin

Kinokolekta namin ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga detalye sa kontak, demograpikong impormasyon at kaugnay na mga pagkakakilanlan (hal. Medicare number)
- Ang mga kagustuhan mo (hal. ang wikang gusto mo)
- Ibang makabuluhang impormasyon tungkol sa iyong kalagayan at mga pangangailangan sa pangangalaga
- Kung mayroon kang tagasuporta - ang mga detalye ng iyong tagasuporta.

Awtorisado ang Departamento na kolektahin ang iyong impormasyon sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Paano namin kinokolekta itong personal na impormasyon

Maaaring kolektahin namin nang direkta mula sa iyo ang iyong personal na impormasyon kung magpaparehistro ka sa My Aged Care. Maaari ka ring iparehistro sa My Aged Care ng ibang tao, kung may pahintulot mo. Kapag nangyari yan, kokolektahin namin ang iyong personal na impormasyon mula sa taong ito.

Kapag mayroong mga magbabago sa kalagayan mo o sa mga natatanggap mong mga aged care service, maaari naming kolektahin ang iyong personal na impormasyon at isama ito sa iyong personal na rekord. Halimbawa, gagawin namin ito kung kokolekta kami ng mga detalye tungkol sa iyong aged care assessment, kung mayroon ka nito, o kung nagsimula ka nang mag-access ng mga aged care service.

Paano namin ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon

Ang impormasyon sa iyong personal na rekord ay protektado sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*. Kapag pinahihintulutan ng Aged Care Act, maaari naming ibahagi ang impormasyong nasa iyong talaan sa mga kaugnay na partido na may kinalaman sa pagbibigay ng mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda. Kabilang sa mga partidong ito ang:

- [Services Australia](#)
- Department of Veterans' Affairs [Departamento ng mga Gawaing Pang-Beterano]
- National Disability Insurance Agency [Pambansang Ahensiya ng Seguro para sa mga may Kapansanan]
- mga tagatasa ng aged care
- mga tagapagbigay ng aged care service
- mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
- isang tagasuporta o ligal na kinatawan, kung mayroon ka.

Maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon alinsunod sa *Aged Care Act 2024*, kung:

- nagbibigay kami ng impormasyon sa Aged Care Quality and Safety Commission [Komisyon para sa Kalidad at Kaligtasan ng Pangangalaga sa Matatanda], kung mahalaga ito paggawa nito kanilang mga tungkulin (hal. kaugnay sa isang reklamo)
- nagbibigay ka ng pahintulot (hal. kung saan sumasang-ayon kang i-upload ang isang assessment plan sa iyong My Health Record).

Pagbabahagi ng impormasyon sa ibayong dagat

Sa pangkalahatan, ibinubunyag lamang namin ang iyong personal na impormasyon sa labas ng Australia kung ikaw o ang iyong sumusuporta ay tumatawag sa My Aged Care, ina-access ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng My Aged Care Online Account, o kung kayo ay tumatanggap ng impormasyon mula sa amin sa pamamagitan ng email o SMS habang ikaw o sila ay nasa ibang bansa.

Sa pangkalahatan, hindi kami magbubunyag ng iyong personal na impormasyon sa mga tumatanggap sa ibayong dagat.

Paano mo maa-access o maitatama ang iyong impormasyon

Kung kailangan mong i-access o i-tama ang iyong impormasyon, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng:

- pag-update ng iyong My Aged Care Online Account
- pagtawag sa My Aged Care sa 1800 200 422
- pagbisita sa isang [sentrong serbisyo ng Services Australia](#) at pakikipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa access sa personal na impormasyon at kung paano makagagawa ng isang pribadong reklamo, tingnan ang [patakaran sa pagkapribado ng My Aged Care](#).

Pagpaparehistro para sa My Aged Care: tagasuporta

Inilalarawan ng paunawang ito sa privacy kung paano kinokolekta at pinamamahalaan ng Department of Health, Disability and Ageing (Kagawaran) ang iyong personal na impormasyon kapag ikaw ay nagrerehistro para sa isang talaan sa My Aged Care, bilang tagasuporta ng isang nakatatandang Australyano (kliyente).

Bakit kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon

Ang pagpaparehistro para sa isang rekord sa My Aged Care ay isang hakbang na kailangan para makumpleto ang iyong rehistrasyon bilang isang tagasuporta para sa kliyente. Masusuportahan ng isang tagasuporta ang isang kliyente para hanapin o i-access ang mga aged care service o para suportahan ang kliyente na gawin ang isang bagay sa ilalim ng o para sa mga layunin ng *Aged Care Act 2024* (ang Batas), maliban sa means testing. Maaaring makatanggap din ang tagasuporta ng impormasyon o mga dokumento na maaari o dapat ibigay sa kliyente sa ilalim ng Batas, nang may pahintulot ng kliyente o kung di man awtorisado sa ilalim ng Batas.

Kailangan naming kolektahin ang iyong personal na impormasyon upang lumikha ng iyong personal na rekord at magtalaga ng iyong personalisadong Aged Care ID number.

Kapag nakarehistro na sa My Aged Care, maaari ka nang maging isang nakarehistrong tagasuporta para sa isang kliyente nang may pahintulot nila. Maaari ka nang magbigay at tumanggap ng impormasyon alinsunod sa kanilang mga kahilingan.

Maaari naming gamitin ang impormasyong nasa iyong talaan upang tasahin ang anumang aplikasyon para ikaw ay mairehistro bilang tagasuporta. Kung ikaw ay nakarehistro, gagamitin din namin ang impormasyon sa iyong rekord upang magawa mo ang iyong tungkuling suportahan ang ibang tao na maka-access ng mga aged care service, at upang masigurong mananatili kang angkop na maging isang tagasuporta.

Maaari kang magparehistro sa My Aged Care sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa contact centre ng My Aged Care
- pagkausap sa isang Aged Care Specialist Officer sa isang [sentrong serbisyo ng Services Australia](#)

- bilang bahagi ng proseso ng pagtulong sa isang kliyente na mag-lodge ng isang online na aplikasyon para sa isang aged care assessment
- pakikipag-usap sa isang aged care assessor
- pagsumite ng isang form ng Registration of a Supporter form [Pagpaparehistro ng isang Tagasuporta].

Kung wala ang iyong personal na impormasyon, hindi ka namin maaaring irehistro gamit ang isang My Aged Care record o irehistro ka bilang isang tagasuporta. Sa kasong ito, mabibigyan ka lang namin ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa aged care. Hindi ka makatatanggap o makapagbibigay ng impormasyon para sa kliyente bilang isang tagasuporta.

Impormasyong kokolektahin namin

Kinokolekta namin ang mga sumusunod na impormasyon:

- iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga detalye ng kontak at mga kaugnay na pagkakakilanlan (hal. isang Medicare number)
- mga detalye ng kliyente
- impormasyon tungkol sa iyong relasyon sa kliyente
- impormasyon tungkol sa iyong kaangkupan o ligal na kapasidad na maging tagasuporta ng kliyente.

Awtorisado ang Departamento na kolektahin ang iyong impormasyon sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Paano namin kinokolekta itong personal na impormasyon

Karaniwan naming kinunukuha ang iyong personal na impormasyon mula sa iyo mismo, kapag ikaw ay nagparehistro sa My Aged Care. Maaari ka ring iparehistro sa My Aged Care ng ibang tao, kung may pahintulot mo. Kapag nangyari ito, kokolektahin namin ang iyong personal na impormasyon mula sa taong ito.

Maaaring kumolekta kami ng impormasyon tungkol sa iyong kaaangkupan o kapasidad na maging isang tagasuporta mula sa ibang tao o organisasyon, bago o pagkatapos ng anumang pagpaparehistro bilang isang tagasuporta.

Kumukuha din kami ng personal na impormasyon kapag nag-update ka ng iyong rekord sa paminsan-minsan.

Paano namin ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon

Ang impormasyon sa iyong My Aged Care record ay protektado ng *Aged Care Act 2024*. Maaari naming ibunyag ang iyong personal na impormasyon kapag ito ay pinahihintulutan ng Batas, kabilang kung:

- aming ibabahagi ang iyong personal na impormasyon (ang katayuan ng iyong pagpaparehistro bilang isang tagasuporta, pangalan at mga detalye ng kontak) sa ibang

tagasuporta, ang taong sinusuportahan mo, mga aged care assessor at mga aged care provider

- kung may isa pang taong nag-aplay para sa iyo na maging isang tagasuporta, sa aming pagbabahagi ang resulta ng isang aplikasyon sa kanila
- magbibigay kami ng impormasyon sa Aged Care Quality and Safety Commission, kung saan mahalaga ito para magawa ang tungkulin nila (hal. kaugnay sa isang reklamo)
- pinapahintulutan mo.

Pagbabahagi ng impormasyon sa ibayong dagat

Sa pangkalahatan, ibinabahagi lang namin ang iyong personal na impormasyon sa labas ng Australya kung ikaw, ang iyong kliyente o isa pang tagasuporta ay nasa ibayong dagat at gagamitin ang iyong My Aged Care Online Account na naglalaman ng iyong personal na impormasyon. Maaari ring mangyari ito kung ikaw o sila ay tumawag sa My Aged Care habang ikaw o sila ay nasa ibang bansa, o kung di man ay tumanggap ng impormasyon mula sa My Aged Care via email o SMS habang nasa ibang bansa.

Sa pangkalahatan, hindi kami magbabahagi ng iyong personal na impormasyon sa mga taga-ibayong dagat.

Paano mo maa-access o maitatama ang iyong impormasyon

Kung kailangan mong i-access o i-tama ang iyong impormasyon, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng:

- pag-log in sa iyong My Aged Care online account
- pagtawag sa My Aged Care sa 1800 200 422
- pagbisita sa isang [sentrong serbisyo ng Services Australia](#) at pakikipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa access sa personal na impormasyon at kung paano makagagawa ng isang pribadong reklamo, tingnan ang [patakaran sa pagkapribado ng My Aged Care](#).

Aplikasyon o referral para sa pag-assess ng pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda

Inilalarawan ng paunawang ito sa privacy kung paano kinokolekta at pinamamahalaan ng Department of Health, Disability and Ageing (Kagawaran) ang personal na impormasyon kapag may ginawang aplikasyon o referral para sa pagtatasa (o muling pagtatasa) ng pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda para sa iyo.

Bakit kinukuha ng departamento ang iyong personal na impormasyon?

Kinukuha namin ang iyong personal na impormasyon para:

- malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng aged care
- tukuyin ang iyong prayoridad para sa mga serbisyong aged care

- abisuhan ka kung ikaw ay hindi karapat-dapat
- i-refer ka sa isang organisasyong nagtatasa at suportahan ang iyong pag-access sa mga serbisyong pang-aged care kung ikaw ay karapat-dapat.

Gagamitin ng isang aged care assessor ang impormasyong nasa iyong aplikasyon o referral, pati na rin ang impormasyong nasa iyong personal na talaan, upang matukoy ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda at magpasya kung anong mga serbisyo ang iyong kailangan.

Kung hindi namin kokolektahin ang iyong impormasyon, hindi namin malalaman ang iyong mga pangangailangan at matatasa ang iyong pagiging marapat para sa aged care.

Impormasyong kokolektahin namin

Kabibilangan ng mga impormasyon kokolektahin namin ang:

- iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga detalyeng demograpiko at paraan ng pag-kontak
- kakayahang magsagawa (kakayahang gawin ang mga pang-araw-araw na mga aktibidad)
- mga pangangailangang sikolohikal
- kasalukuyang mga kalagayan at suporta
- tagasuporta o ibang kaugnay na impormasyong may kinalaman sa relasyon, kung mayroon
- dahilan para sa referral, kung importante.

Awtorisado ang Departamento na kolektahin ang iyong impormasyon sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Paano namin kinokolekta itong personal na impormasyon

Kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon kung nag-aapply ka para sa mga serbisyong pang-aged care. Kung may pahintulot mo, ang isa pang tao ay maaaring mag-apply sa ngalan mo o i-refer ka para sa aged care. Kapag nangyari yan, kokolektahin namin ang iyong personal na impormasyon mula sa taong ito.

Paano namin ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon

Kapag nag-aplay ka o ikaw ay ini-refer para sa aged care, itinatago namin ang impormasyon sa iyong personal na rekord sa My Aged Care. Ang impormasyon ay protektado sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Kapag pinahintulutan ng Aged Care Act, maaari naming ibahagi ang impormasyon sa iyong rekord sa ibang partido nang may koneksiyon sa paghahatid ng mga pinondohang serbisyong pang-aged care. Kabilang sa mga partidong ito ang:

- [Services Australia](#)
- Department of Veterans' Affairs

- National Disability Insurance Agency
- mga tagatasa ng mga pangangailangang pangangalaga sa matatanda
- mga tagapagbigay ng pangangalaga sa matatanda
- mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
- ang iyong tagasuporta o ligal na kinatawan, kung mayroon ka.

Maaari rin naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon:

- nang may pahintulot mo
- kung saan pinahihintulutan sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Pagbabahagi sa ibayong dagat ng iyong personal na impormasyon

Sa pangkalahatan, ibinubunyag lamang namin ang iyong personal na impormasyon sa labas ng Australia kung ikaw o ang iyong tagasuporta ay tumatawag sa My Aged Care, ina-access ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng My Aged Care Online Account, o kung ikaw o sila ay tumatanggap ng impormasyon mula sa amin sa pamamagitan ng email o SMS habang kayo ay nasa ibang bansa. Sa pangkalahatan, hindi kami magbabahagi ng iyong personal na impormasyon sa mga taga-ibayong dagat.

Paano mo maa-access o maitatama ang iyong impormasyon

Kung kailangan mong i-access o i-tama ang iyong impormasyon, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng:

- pag-update ng iyong My Aged Care Online Account
- pagtawag sa My Aged Care sa 1800 200 422
- pagbisita sa isang [sentrong serbisyo ng Services Australia](#) at pakikipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa access sa personal na impormasyon at kung paano makagagawa ng isang pribadong reklamo, tingnan ang [patakaran sa pagkapribado ng My Aged Care](#).

Pagtatasa ng mga pangangailangang pang-aged care

Inilalarawan nitong paunawa sa pagkapribado kung paanong kinokolekta ng Department of Health, Disability and Ageing (Kagawaran) ang iyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng isang tagatang organisasyon. Kinokontra ng departamento ang organisasyon sa pagtatasa upang magsagawa ng mga pagtatasa ng pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda.

Kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon kapag nagbibigay ka ng impormasyon sa isang tagatasa sa isang pagtatasa. Kinokolekta rin namin ang iyong personal na impormasyon mula sa mga third party, katulad ng mga miyembro ng pamilya o mga propesyonal sa kalusugan, na kinakausap ng assessor tungkol sa iyong mga pangangailangan.

Ang koleksyon ng ganitong impormasyon ay awtorisado ng *Aged Care Act 2024*.

Bakit kinukuha ng departamento ang iyong personal na impormasyon?

Kinokolekta ng departamento ang personal na impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, kapakanan, mga suportang natatanggap, mga usaping pinansyal at legal, pati na rin ang kaligtasan sa tahanan at personal na kaligtasan, para sa layunin ng pagsasagawa ng pagtatasa o muling pagtatasa ng pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda. Ginagawa namin ito upang matukoy kung anong mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda ang iyong kailangan at kung gaano kaapurahan ang pangangailangan mo sa mga serbisyong ito. Maaari din naming gamitin ang iyong personal na impormasyon para sa ibang mga layunin tulad ng pamamahala ng anumang mga suporta at mga serbisyong sa pangangalaga na maaaring kailangan mo.

Maaari din naming kolektahin ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pang-aged care mula sa [Services Australia](#) para mapangasiwaan at maihatid ang pangangalaga sa iyo.

Kung hindi ka o hindi mo kayang ibigay ang lahat ng mga kailangang personal na impormasyon, ang assessor ay hindi magkakaroon ng wastong larawan ng iyong pangangailangan at maaaring hindi malaman ang antas, tipo o kaapurahan ng mga serbisyong kailangan mo. Maaaring hindi maipagpatuloy ng tagatasa ang isang pagtatasa o muling pagtatasa ng aged care needs para malaman ang kailangan mong mga serbisyong pang-aged care.

Paano namin ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon

Maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga tagapagbigay ng pangangalaga sa matatanda o mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, Services Australia, at mga serbisyo ng estado at teritoryo. Ibinabahagi lang namin ang iyong personal na impormasyon nang may pahintulot mo o kung pinahihintulutan sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Kapag pinahintulutan ng Aged Care Act, maaari naming ibahagi ang impormasyon sa iyong rekord sa ibang partido nang may koneksiyon sa paghahatid ng mga pinondohang serbisyong pang-aged care. Kabilang sa mga partidong ito ang:

- [Services Australia](#)
- Department of Veterans' Affairs
- National Disability Insurance Agency
- mga tagatasa ng mga pangangailangang pangangalaga sa matatanda
- mga tagapagbigay ng pangangalaga sa matatanda
- mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
- ang iyong tagasuporta o ligal na kinatawan, kung mayroon ka.

Maaari rin naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon:

- nang may pahintulot mo
- kung saan pinahihintulutan sa ilalim ng *Aged Care Act 2024*.

Pagbabahagi sa ibayong dagat ng iyong personal na impormasyon

Kung mayroon kang tagasuporta na makapag-aaccess ng iyong online account mula sa ibang bansa, maaaring hindi ito sakop ng mga proteksyon ng Privacy Act at APPs [Mga Prinsipyo ng Pagkapribado sa Australya]. Dapat lang gamitin ng mga tagasuporta ang iyong personal na impormasyon para matulungan ka sa aged care. Hindi namin ibabahagi ang iyong personal na impormasyon para sa sinumang mga ibang tumatanggap sa overseas.

Paano mo maa-access o maitatama ang iyong impormasyon

Maaari mong ma-access at maitama ang ilan sa iyong mga personal na impormasyon na hawak namin sa pamamagitan ng iyong My Aged Care online account. Tingnan ang [patakaran sa pagkapribado ng My Aged Care](#) para sa higit na impormasyon tungkol sa:

- paano namin hinahawakan ang personal na impormasyon
- paano kami naghahanap ng access o nagtatama ng iyong personal na impormasyon
- paano magsasagawa ng pampribadong reklamo.

Mga detalye sa pagkontak

Kung gusto mong kausapin sa departamento tungkol sa isang bagay kaugnay sa pampribado, kabilang ang mga tanong tungkol sa paunawang ito, maaaring kontakin ang Privacy Officer ng departamento sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na mga paraan:

- Ipadala sa: Privacy Officer, Department of Health, Disability and Ageing,
23 Furzer Street WODEN ACT 2606
- Mag-email sa: privacy@health.gov.au
- Telepono: 02 6289 1555